

Pagkalantad sa mga Radio Frequency Electromagnetic Field

Standard



Mga Nilalaman

1	Panimula	3
2	Mga Kinakailangan	3
3	Hakbang sa RF EMF	4
4	Pagsasanay	5
5	Field monitor na kagamitan	5
6	Kahusayan ng kalusugan at pagtugon	6
6.1	Mga medikal na kagamitan	6
6.2	Sinususpetsang lampas sa mga Limitasyon sa Pagkalantad	6
7	Lokal na pagtatasa sa panganib	6
8	Pagmomonitor at pagsusuri	7
9	Mga Sanggunian	8
10	Pagbabago ng impormasyon	8

© Ericsson AB 2021

Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang impormasyon na nasa dokumentong ito ay pag-aari ng Ericsson at napapailalim sa pagbabago nang walang paunawa. Walang inaaakong responsibilidad ang Ericsson para sa mga katumpakan ng o pagkakamali sa mga impormasyon.



1 Panimula

Inilalarawan ng pamantayang ito ang minimum na mga kinakailangan para sa pagtatrabaho sa mga lugar kung saan maaaring mangyari ang pagkakatantad sa Radio Frequency (RF) Electro Magnetic Field (EMF) sa oras ng pagtatrabaho sa ngalan ng Ericsson upang matiyak na wastong napapangasiwan ang mga aspeto ng Kalusugan at Kaligtasan.

Malalapat ang lokal na kinakailangan ng batas kapag lampas sa pamantayang ito ang mga lokal na kinakailangan ng batas.

2 Mga Kinakailangan

Nalalapat ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Dapat ilapat ang mga limit sa nalalapat na mga regulasyon ng bansa para sa paglalantad ng trabaho sa RF EMF (“Mga Limit sa Pagkakatantad”). Kung walang partikular na limit na iniaatas ng bansa, dapat gamitin ang mga gabay ng International Commission on Non-Ionizing Radiation (ICNIRP) [[1](#)].
- Dapat maging pamilyar sa mga naaangkop na kinakailangan sa kaligtasan ang mga kaugnay na empleyado at kontratista (“Mga Empleyado”) ng Ericsson, ibig sabihin ang mga nagtatrabaho sa mga kapaligiran kung saan maaaring lumampas ang pagkakatantad sa RF EMF sa naaangkop na limit sa pagkakatantad ng publiko, pati na ang mga nauugnay na customer at/o network na tagapaglaan ng impormasyon.
- Ang mga empleyado lamang nakatanggap ng nauugnay na pangkaligtasang pagsasanay sa RF EMF ang dapat magtatrabaho sa mga lugar kung saan ang pagkakatantad sa RF EMF ay lumampas sa mga limit sa pagkakatantad ng publiko.
- Hindi dapat balewalain ang mga babalang palatandaan at dapat sundin ang mga umiiral na tagubilin.
- kung pagkakatantad sa RF EMF ay lampas sa mga Limitasyon sa Pagkakatantad sa Trabaho, dapat i-off ang nauugnay na kagamitan o ang bawasan ang power, hangga’t kinakailangan.
- hindi dapat idiskonekta ang mga antenna feeder, waveguide o connector na nakakabit sa ginagamit na transmitter, maliban kung malaman na ang pagkakatantad sa RF EMF ay hindi lalampas sa mga Limitasyon sa Pagkakatantad.
- dapat iwasan ang pagtatrabaho sa malapit sa maluwag o depektibong kable at mga konektor na nakakabit sa ginagamit na transmitter dahil maaari itong magdulot sa pagkakatantad sa RF EMF na lampas sa mga Limitasyon sa Pagkakatantad.



- Dapat mga empleyadong nabigyan ng pagsasanay lang ang dapat sumukat sa mga pagkakalantad sa RF EMF.
- Dapat isagawa ang mga survey sa pagkalantad sa RF EMF ayon sa naanagkop na mga pamantayan.

3 Hakbang sa RF EMF

Sa oras ng bahagi ng pagpapalano at bago simumaln ang anumang trabaho sa site:

- Dapat tukuyin ng mga taong responsableng magsagawa ng mga survey sa site sa anumang pagkakataon kung saan kinakailangan na paunang isagawa ang pagtatasa sa pagkalantad sa RF EMF bago simulan ang pagtatrabaho.
- Sa mga sitwasyon na hindi available ang impormasyon tungkol sa hangganan kung saan maaaring lumampas sa mga Limitasyon ng Pagkalantad ("Hangganang ng Pagtupad"), dapat kunin ang gayong impormasyon mula sa (mga) operator ng network, o dapat isagawa ang pagtatasa sa pagkalantad sa RF EMF bago simulan ang anumang pagtatrabaho.
- Dapat tipunin ang mahahalagang lokal na mga kinakailangan sa kaligtasan mula sa may-ari ng site, network provider, operator at/o Ericsson.

Bago pumasok sa base station o antenna site, Dapat gawin ng mga Empleyado na

- suriin ang nauugnay na pangkaligtasang impormasyon ng RF EMF para sa site, at
- suriin ang kasalukuyang mga lokal na pagtatasa sa panganib.

Habang ina-access at nasa site, nalalapat ang mga sumusunod:

- Dapat tukuyin ang iba pang mahalagang pinanggaligan ng RF EMF na malapit sa lugar ng trabaho at access sa mga ruta at kung kung kinakailangan, dapat makuha ang impormasyon sa pagkalantad sa RF EMF.
- Walang trabaho ang dapat gawin sa loob ng Compliance Boundary (hindi kasamang zone) ng live na antenna na nagta-transmit sa mataas o hindi alam na power level. Kapag kailangan isagawa ang trabaho sa zone, hal., nang direkta sa hara[an ng directional antenna, dapat babaan ang power, o i-off ang nauugnay na (mga) transmitter tulad ng nasa sa outage procedure ng lokal na network operator.
- hindi dapat idiskonekta ang mga antenna feeder, waveguide o connector na nakakabit sa ginagamit na trasmitter, maliban kung malaman na ang



pagkalantad sa RF EMF ay hindi lalampas sa mga Limitasyon sa Pagkalatand.

- Kung hindi available ang antas sa pagkalantad sa RF EMF o impormasyon ng Compliance Boundary, dapat gawin ng Empleyado ang anuman sa mga sumusunod na aksyon:
 - makipag-ugnayan sa responsableng site manage na siyang magtitiyak na naisagawa ang pagtatasa sa pagkalantad sa RF EMF, o
 - sukatin ang mga antas ng pagkalantad sa RF EMF, kung nakatanggap ang Empleyado ng naaangkop na pagsasanay sa pagsukat at mayroong field monitor na na nakakabasa sa lawak ng frequency ng mga radio services sa site.

4 Pagsasanay

Dapat magkaroon ng naaugnay na pagsasanay sa kaligtasan sa RF EMF ang mga empleyado, ibig sabihin, ang mga taong nagtatatrabaho sa mga kapaligiran kung saan ang pagkalantad sa RF EMF ay maaaring lumampas sa naaangkop na mga limitasyon sa pagkalantad ng publiko. Dapat kasama sa pagsasanay ang:

- mga alituntunin sa mga limitasyon sa pagkalantad at kaligtasan,
- paano malaman kung ang mga antas para sa pagkalantad sa RF EMF at makukuhang kahulugan na impormasyon sa Compliance Body,
- mga aksyon na gagawin sakaling may sinususpetsang pagkalantad na lampas sa mga Limitasyon ng Pagkalantad, at
- kung nauugnay, pagsasanay sa pangsukat na kagamitan.

Sa katapusan ng pagsasanay, dapat masuri ang kaalaman ng mga kalahok sa kurso sa ibinigay na pagsasanay.

5 Field monitor na kagamitan

Dapat ilapat ang mga sumusunod sa mga pagkakataon na gumagamit ng field monitor ang Empleyado (hal., ARDA Nardalert Personal Monitor) para matiyak na ang pagkalantad sa RF EMF ay hindi lumalampas sa mga Limitasyon ng Pagkalantad:

- dapat sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng nagmanupaktura na kasama sa field monitor, pati na ang mga nauugnay na pamantayan,
- dapat ihinto ng manggagawa ang trabaho kapag na-trigger ang alam ng field monitor o nagpapakita ang metro ng bilang na lampas sa mga



Limitasyon ng Pagkalantad, hanggang sa makumpirma ang aktwal na tindi ng RF field sa pamamagitan ng mas tumpak na pagsukat sa survey,

- dapat palaging imonitor ang pagkalantad dahil maaaring magbago ang mga antas ng pagkalantad sa RF EMF, maliban kung ang mga antas na nasukat ay mas mababa sa mga limitasyon (hal., higit sa 10 dB) sa lugar ng trabaho, at
- dapat muling i-calibrate ang mga personal monitor ayon sa mga agwat na tinukoy ng nagmanupaktura. Dapat nakikita sa monitor ang katunayan ng gayong pag-calibrate.

6 Kahusayan ng kalusugan at pagtugon

6.1 Mga medikal na kagamitan

Dapat humingi ng medikal na payo mula sa kanyang doktor ang mga empleyadong gumagamit ng mga medikal na gamitan, tulad ng mga pacemaker sa puso, insulin pump at na-implant na metal plate, bago simulan ang pagtatrabaho sa mga lugar na may antas ng pagkalantad sa RF na lumalampas sa mga limitasyonsa pagkalantad ng publiko sa RF EMF.

Kung kinakailangan, dapat tiyakin ng responsableng manager na nasunod ang mga partikular na mga pagsasaayos para sa kaligtasan.

6.2 Sinususpetsang lampas sa mga Limitasyon sa Pagkalantad

Sakapag may sinususpetsang pagkalantad na mas mataas sa Limitasyon ng Pagkalantad, dapat abisuhan ang nauugnay na line manager ng Ericsson o taong dapat kontakin at dapat imbestigahan ng responsableng manager ang insidente.

At dahil kasama sa mga Limitasyon ng Pagkalantad ang malawak na pangkaligtasang mga margin (karaniwang factor ng 10 para sa occupational na pagkalantad), at dapat tukuyin ang mga antas ng pagkalantad sa tinukoy na oras (karaniwan na 6 na minuto), kinakailangan ang matagal na napakataas na antas ng RF EMF upang magdulot ng anumang masamang epekto sa kalusugan at mga sintomas.

Kung mayroong mga sintomas, dapat konsultahin ang isang medikal na doktor upang malaman ang mga dahilan at nauugnay na paggamot.

7 Lokal na pagtatasa sa panganib

Dapat isagawa ang pagtatasa sa panganib sa site sa lahat ng site upang tukuyin ang mga antas ng RF EMF na maaaring lumampas sa mga Limitasyon ng



Paglantad. Dapat bahagi ng pamantayan survey sa site ang lokal na pagtatasa sa panganib.

8 **Pagmomonitor at pagsusuri**

Dapat imonitor ng responsableng manager ang pagsunod sa pamantayang ito sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtatago ng:

- mga istadistika ng pangyayari,
- mga rekord ng lahat ng Empleyadong nakatanggap ng pagsasanay sa RF EMF;
- mga rekord ng mga pagtatasa sa RF EMF, at
- mga rekord ng calibration ng mga RF EMF field monitor at metro.



9 Mga Sanggunian

[1] [Mga Gabay ng ICNIRP](#)

[2] [Pangkalahatang impormasyon sa mga Radio Wave at Kalusugan](#)

10 Pagbabago ng impormasyon

Buod ng mga pagbabago simula noong huling nirebisa:

- 1 Kaunting mga pagtatama sa wika, walang pagbabago sa nilalaman.